


Arts

Ikatlong Markahan – Modyul 4: *Variations* ng Paglilimbag Gamit ang Iba't Ibang kulay



Music – Ikalimang Baitang

Alternative Delivery Mode

Ikatlong Markahan – Modyul 4: Variations ng Paglilimbag Gamit ang Iba't Ibang Kulay Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) naginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Gresun S. Mascariola, Rizalene A. Montuya

Editors: Eden Lynne V. Lopez, Vergita M. Ibañez

Tagasuri: Shirley L. Godoy, Jo-Ann Cerna-Rapada, Charo C. Sombilon

Tagaguhit: Eric T. Hingabay, Caryl Vim S. Cerna, Rizalene Montuya

Tagalapat: Eden Lynne V. Lopez, Jogene Alilly C. San Juan

Tagapamahala: Ramir B. Uytico

Arnulfo M. Balane

Rosemarie M. Guino

Joy B. Bihag

Ryan R. Tiu

Nova P. Jorge

Raul D. Agban

Lorelei B. Masias

David E. Hermano, Jr.

Shirley L. Godoy

Eva D. Divino

Jo-ann C. Rapada

Inilimbagsa Pilipinas ng _____

Department of Education – Schools Division of Baybay City – Region VIII

Office Address: Diversion Road, Barangay Gaas, Baybay City, Leyte

Telefax: 335 – 2093 / 563 – 8100

E-mail Address: baybay.city@deped.gov.ph

Arts

**Ikatlong Markahan – Modyul 4:
Variations ng Paglilimbag Gamit
ang Iba't Ibang Kulay**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang sining ng paglilimbag ay nagsimula sa bansang Tsina daang taon na ang nakalipas. Ginamit nila ang Paglilimbag bilang pamamaraan ng pagtala ng kasaysayan ng kanilang bansa. Ginamit din nila itong paraan ng pagkukuwento gamit ang larawan. Ang paglimbag din ay pamamaraan ng paglipat ng larawang iginuhit at inukit na maaring ginawa mula sa kahoy, goma, metal at iba pa.

Lubos na kinagigiliwan ang likhang-sining lalo na at angkop ang kulay na siyang nagbibigay buhay at katingkaran sa isang obra. Ang paglilimbag ay isa sa mga pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng isang bakas ng isang kinulayang bagay. Ang paglilimbag na ito ay maaring isagawa gamit ang mga bagay na matatagpuan natin sa ating paligid at lapatan na kulay alinsunod sa nais nating disenyo.

Sa modyul na ito, tayo ay makalikha ng variations gamit ang iba't ibang kulay (A5PR-IIIe) at inaasahang makamit ang mga sumusunod:

- Nasunod-sunod ang paraan sa paglikha ng iba'ti bang variations ng paglimbag gamit ang iba't ibang teorya sa pagkulang.
- Nakalilikha ng iba't ibang variations ng paglimbag gamit ang iba't ibang kulay
- Napapahalagan ang wastong kaalaman sa paglilimbag.



Subukin

Pagsunod-sunurin ang mga paraan sa paglikha ng disenyo, 1 ang pinakauna at 10 ang pinakahuli na paraan. Isulat sa patlang ang iyong sagot.



Aralin

1

Variations ng Paglilibag Gamit ang Iba't Ibang Kulay

Ang paglilibag ay isa sa mga pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng isang bakas ng isang kinulayang bagay.



Balikan

Panuto: Lagyan ng Tsek (✓) ang patlang kung ang tinutukoy na bagay ay gamit sa paglilibag at Ekis (x) naman kung hindi.

- _____ 1. Dahon
- _____ 2. Lapis
- _____ 3. Papel
- _____ 4. Pangkulay
- _____ 5. Posporo



Tuklasin

Panuto: Pagmasdan ang larawan at sagutin ang mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang.



Ano ang masasabi mo sa larawan?

Sa tingin mo, kaya mo bang lumikha ng ganito? Paano?

Iyan ang ating gagawin sa modyul na ito! Handa na ba kayo?



Suriin


Ang paglilimbag ay isang gawaing pansining na magbibigay ng pagkakataon upang lalong malinang ang iyong pagiging malikhain at maging kapakipakinabang ang iyong kakayahan sa paggawa ng mga disenyo. Maraming bagay ang maaaring ilimbag at gamitin sa paglilimbag tulad ng bungang gulay at mga patapong bagay. Ang mga disenyong inilimbag ay ginagamitan ng iba't ibang linya, tekstura at kulay upang mas mapaganda pa ito.

Ang teorya sa pagkulay ay mahalaga sapagkat nagbibigay ito ng buhay sa bawat guhit. Ito ang nagbibigay gabay kung anu-anong kulay ang nababagay na pagsamahin sa isang larawan. Ginagawa nitong makulay at kaaya-aya ang isang guhit o larawan.

Halimbawa:


COLOR WHEEL

Ito ang color wheel chart, ginagamit ito upang matukoy ang iba't ibang teorya ng kulay.




Ang mga sumusunod ang iba't ibang teorya ng kulay:

COLOR FAMILY




Pangunahin (Primary)

Pula (Red)
Dilaw (Yellow)
Asul (Blue)



Pangalawa (Secondary)

Berde (Green)
Kahel (Orange)
Lila (Violet)



Pangatlo (Tertiary)

Dilaw-Berde (Yellow Green)
Dilaw-Kahel (Yellow Orange)
Asul-Berde (Blue Green)
Asul-Lila (Blue Violet)
Pula-Lila (Red Violet)
Pula-Kahel (Red Orange)

COLOR PROPERTIES

Hue - ang pangalan ng isang purong kulay, tulad ng pula, asul o dilaw.

Value - gaan o kadiliman ng isang kulay. Ang value ng isang kulay ay maaaring mabago sa pamamagitan ng pagdaragdag ng itim o puti.

Intensity - ang ningning/tingkad o mapurol na kulay. Ang mga dalisay na kulay ay mga kulay na may mataas na intensity. Ang mga mapurol na kulay ay mga kulay na may mababang intensity.

COLOR ASSOCIATION

Warm Colors - Ang mga mainit na kulay ay mga kulay na nagpapaalala sa atin ng mga bagay na mainit: pula, dilaw at kahel. Ang mga kulay na ito ay mabilis nating nakikita at matukoy sa ating kapaligiran at mga likhang sining.



Cool Colors - Ang mga malalamig na kulay ay nagpapaalala sa atin ng mga bagay na naiugnay sa lamig kagaya ng asul, lila at berde. Ang mga kulay na ito ay mabagal na nakakarating sa ating mga mata. Nagagawa nitong magmukhang malayo ang mga imahe sa isang gawang sining.




COLOR HARMONY


Monochromatic - naglalaman o gumagamit lamang ng isang kulay.




Complementary - Dalawang kulay na nasa magkabilang tapat ng color wheel. Ang kumbinasyong ito ay nagbibigay ng isang mataas na kaibahan at mataas na epekto ng kumbinasyon ng kulay, pag magkasama ang mga kulay na ito ay lilitaw na mas maliwanag.



Triad - Binubuo ng tatlong mga kulay na pantay ang puwang sa color wheel. Ang dalawang pinakapangunahing triad ay ang pangunahing pula, asul at dilaw at ang pangalawang kulay na kahel, lila at berde.



Analogous - Mga kulay na magkakatabi sa color wheel. Karaniwan silang tumutugma nang maayos at lumilikha ng matahimik at komportableng mga disenyo.



Ang mga inilimbag na likhang-sining o *printed artwork* ay ilan sa mga produktong kayang gawin ng mga Pilipino. Ang mga inilimbag na bagay na ito ay nagpapaganda sa ating mga bahay o isang lugar kung kaya't ito ay maaaring mapagkakakitaan upang makatulong sakita ng pamilya at bansa.

Ang paglilimbag ay nagagamit na epektibong paraan ng pagpapakita ng makabuluhang imahe at mensahe tungkol sa sarili, pamayanan at kapaligiran.

Narito ang mga paraan sa paglikha ng iba't ibang variations ng paglimbag gamit ang iba't ibang kulay.

1. Iguhit ang disenyo sa pamamagitan ng lapis.
2. Maglagay ng lumang diyaryo sa ilalim ng papel bilang sapin sa mesang paggagawaan.
3. Lumikha ng tekstura o linya sa mga bagay na maaaring ukitan gamit ang *cutter*. (Mag-ingat sa paggamit ng *cutter*)
4. Pumili ng mga kulay upang ipakita ang teorya sa pagkulay.
5. Pintahan ng kulay ang inukit na bagay gamit ang isinawsaw na *brush sawater color* at idiin ito sa disenyong ginawa. (puwede ka rin gumamit ng ibang *coloring materials* gaya ng krayola, *acrylic paint* o iba't ibang kulay ng tinta)
6. Patuyuin ito.
7. Linisin ang mesa pagkatapos ng gawain.
8. Ipaskil ang mga inilimbag na disenyo.



Pagyamanin

Gawain 1

Pagsunod-sunurin ang mga paraan sa paglikha ng iba't ibang variations ng paglimbag gamit ang iba't ibang kulay. Lagyan ng bilang 1-8 sa patlang ayon sa pagkasunod-sunod nito.

- ___ Maglagay ng Lumang dyaryo sa ilalim ng papel bilang sapin sa mesang paggagawaan.
- ___ Lumikha ng tekstura o linya sa mga bagay na maaaring ukitan gamit ang cutter. (Mag-ingat sa paggamit ng cutter)
- ___ Pintahan ng kulay ang inukit na bagay gamit ang isinawsaw na brush sa pintura at idiin ito sa disenyonang ginawa.
- ___ Pumili ng mga kulay upang ipakita ang napiling teorya sa pagkulay para sa dibuho.
- ___ Patuyuin ito.
- ___ Linisin ang mesa pagkatapos ng gawain.
- ___ Ipaskil ang mga inilimbag na disenyo.
- ___ Iguhit ang disenyo sa pamamagitan ng lapis.

Gawain 2

Panuto: Lumikha ng disenyo gamit ang iba't ibang kulay sa pamamagitan ng pagsunod ng mga hakbang sa paggawa.

Kagamitan: papel, lapis, gunting, diyaryo, *cardboard*, kahoy

Mga Hakbang sa Paggawa

1. Ilahad ang lahat ng mga kagamitang kailangan sa paggawa ng likhang-sining.
2. Bumuo ng isang disenyo ayon sa iyong nais.
3. Pumili ng isang teorya sa pagkulay.
Hal. color properties
4. Kulayan/printahan ang nabuong disenyo ng matitingkad na kulay. Maaaring gumamit ng kulay na salit-salit sa mga matingkad, maputla, malabnaw sa pagbuo ng disenyo.
5. Ang disenyo ay ilimbag ng salit-salit at paulit-ulit upang lumabas ang magandang likhang-sining.
6. Maging malikhain sa pagbuo ng disenyo. Ayusin ayon sa nais na kalabasan.
7. Patuyuin ang natapos na likhang-sining, lagyan ito ng pamagat at ipaskil.

Gawain 3

Mahalaga ba ang wastong kaalaman sa paglilimbag at ang paggamit ng teorya ng kulay? Bakit?



Isaisip

Punan ng mga salita ang sumusunod upang mabuo ang kaisipan. Isulat ang sagot sa nakalaang patlang.

Ang natutuhan ko sa araling ito ay _____



Isagawa

Panuto: Isagawa mo ang mga sumusunod:

1. Ihanda ang mga kagamitan sa paglilimbag gaya ng lapis, cutter, papel, Lumang diyaryo, mga bagay na maaaring ukitan ng disenyo, *bond paper*, *water container*, *water color* at brush.
2. Lumikha ng iba't ibang variations ng paglimbag gamit ang iba't ibang teorya sa pagkulay.
3. Sundin ang mga hakbang sa paggawa ng disenyo batay sa ating tinalakay.
4. Ipaliwanag sa iyong kapatid o nanay ang iyong natapos nalikhang-sining.
5. Sumangguni sa Rubriks na makikita sa pahina 8 para sa kaukulang puntos.



Tayahin

- a. Pagsunod-sunurin ang disenyo gamit ang iba't ibang kulay. Lagyan ng bilang 1-6 sa patlang ayon sa pagkasunod-sunod nito
- ___ Maging malikhain sa pagbuo ng disenyo. Ayusin ayon sa nais na kalabasan.
 - ___ Patuyuin ang natapos na likhang-sining, lagyan ito ng pamagat at ipaskil.
 - ___ Kulayan/printahan ang nabuong disenyo ng *isang napiling teorya sa pagkulay*.
 - ___ Ang disenyo ay ilimbag ng salit-salit at paulit-ulit upang lumabas ang magandang likhang-sining.
 - ___ Ilahad ang lahat ng mga kagamitang kailangan sa paggawa ng likhang-sining.
 - ___ Bumuo ng isang disenyo ayon sa iyong nais.

b. Rubriks para sa Isagawa

Pamantayan	Nakasusunod sa pamantayan nang higit sa inaasahan (5)	Nakasusunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (3)	Higit na nakasusunod sa pamantayan (1)
1. Nasunod ko ang pamamaraan sa paglilimbag at nakabuo ng sariling disenyo.			
2. Gumamit ako ng proseso sa bawat hakbang sa paglilimbag sa pagbuo ng disenyo			
3. Naipaliwanag ko ang natapos na likhang sining.			
4. Napahalagahan ko ang likhang sining sa pamamagitan ng paggamit at pagbahagi nito sa iba.			
5. Naitanghal ko ang natapos na gawain.			



Karagdagang Gawain

Lumikha ng disenyo sa paglilimbag *mula* sa inyong bayan o lugar. (Maaaring sariling disenyong gawa). Pumili ng isang disenyo na kilala o tanyag sa inyong lugar o bayan. Gamitin ito upang makagawa ng dibuho sa pamamagitan ng paglilimbag. Pumili ng isang teorya sa pagkulay.



Susi sa Pagwawasto

Pagyamanin
Gawain 1
9, 8, 7, 6, 5, 4, 3, 2, 1

Gawain 2
Depende sa *output* ng mag-aaral

Gawain 3
Depende sa tugon ng mag-aaral

Isagawa
Sumangguni sa Rubriks

Tayahin
Part I
3, 4, 6, 5, 1, 2
Part II
Sumangguni sa Rubriks

Subukin
8 5 2 3
1 4 6 7 9

Balikan
1. ✓
2. ✓
3. ✓
4. ✓
5. X

Tuklasin
Depende sa tugon ng mag-aaral

Sanggunian

Copiaco, Hazel, and Emilio Jacinto Jr. *Halinang Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Gregorio Araneta Avenue, Quezon City, Philippines: Vibal Group Incorporated. 2016, 2016, p 137 – 139

Valdecantos, Emelita. *Umawit At Gumuhit 5*. Reprint, Guevarra St., Sta. Cruz Manila: Saint Mary's Publishing Corp., 1999, p 128 – 129

For inquiries or feedback, please write or call:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph